## Ano nga ba ang PhilSys o National ID System?

Ang Philippine Identification System o PhilSys ay magsisilbing patunay ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Layunin ng PhilSys na gawing simple, ligtas at maayos ang mga transaksyon sa gobyerno at pribadong sektor.

**Maaaring gamitin bilang patunay ng pagkakakilanlan ang PhilSys sa mga sumusunod:**

- Para sa iba't iba pang mga uri ng pakikipagtransaksyon sa pamahalaan.
- Upang mapadali ang pag-aapply sa mga social welfare at benefits ng pamahalaan katulad na lamang ng GSIS, SSS, PhilHealth, at Pag-IBIG.
- Sa pagkuha ng passport, driver's license, at mga transaksyong may kinalaman sa buwis.
- Sa pag-enroll sa mga paaralan, kolehiyo, at unibersidad.
- Sa pag-apply ng trabaho.
- Sa mga kinakailangang clearance mula sa pamahalaan (Police, NBI, etc.).
- Sa pagbubukas ng mga bank account at iba pang transaksyong may kinalaman sa mga institusyong pinansyal.

### Libre ba ang pagrerehistro sa PhilSys o National ID System?

Oo naman! Libre ang pagrerehistro sa PhilSys.

### Kailan ba maaaring magparehistro para sa PhilSys o National ID System?

Antabayanan ang anunsyo mula sa PhilSys Facebook page, sa inyong barangay o munisipyo.

### Paano magparehistro sa PhilSys?

Ang mga magpaparehistro ay kailangan dumaan sa pre-registration at registration process.

### Ano ang pre-registration process?

Ito ay ang pagbabahay-bahay ng Philippine Statistics Authority (PSA) sa napiling low-income household heads upang kolektahin ang kanilang demographic information at maibigay ang nakatakdang petsa at oras ng pagrerehistro sa PhilSys.

Ang sistemang gagamitin sa pagkolekta ng impormasyong demograpiko ay bubuksan sa publiko matapos ang paunang registration sa katapusan ng taong ito.

### Ano ang registration process?

Dito kukumpletuhin ang pagkuha ng impormasyon ng isang indibidwal kung saan kokolektahin ang biometric information tulad ng fingerprint, iris-scan, at front-facing photo ng nagpaparehistro.

**Ligtas ba ang pagrerehistro para sa PhilSys o National ID System?**

**HEALTH STANDARDS**

Sa darating na pre-registration at registration period ay sinisiguradong mapananatili ang social distancing at health standards na itinakda ng Department of Health (DOH) upang matiyak ang kaligtasan ng mga magpaparehistro. Titiyakin din na malinis at disinfected ang mga gagamiting equipment sa aktuwal na pagrerehistro.

**Ligtas ba ang aking personal na impormasyon sa PhilSys?**

Oo naman! Sumusunod ang Philippine Statistics Authority o PSA sa mga alituntunin ng PhilSys Act of 2018 at Data Privacy Act of 2012, maging sa pinatutupad na Privacy by Design Principles. Nakikipag-ugnayan din ang PSA sa National Privacy Commission (NPC) at sa Department of Information and Communications Technology (DICT) para sa kaligtasan at seguridad ng PhilSys.

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PHILSYS:

I-like ang official PhilSys Facebook page

**PSAPhilSysOfficial**

O magtungo sa PhilSys website na

**psa.gov.ph/philsys**

# PHILSYS 101

# ANG MGA KAILANGANG MALAMAN TUNGKOL SA PHILIPPINE IDENTIFICATION SYSTEM O PHILSYS

PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY

Solid · Responsive · World-class

PHILIPPINE IDENTIFICATION SYSTEM